Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Division of Rizal
**Gov. Isidro S. Rodriguez Sr. Memorial National High School**
St. Gregory Village, San Isidro Cainta, Rizal

**Ikalawang Markahang Pagsusulit sa Edukasyon sa Pagpapakatao 9**

**Panuto:** Basahin at unawain ng bawat pangungusap. Isulat sa papel ang titik ng tamang sagot.
***Paalala: Anumang bura sa inyong papel ay mamarkahang mali.*** ☺

1. Ito ay ang kapangyarihang *moral* na gawin, hawakan, pakinabangan at angkinin ang mga bagay na kailangan ng tao sa kaniyang estado sa buhay.
   a. Tungkulin b. Karapatan c. Obligasyon d. kultura

2. Ang pinakamataas sa antas ng mga karapatan na pumipigil sa abortion at pagpatay.
   a. Karapatang magpakasal c. karapatang magtrabaho
   b. Karapatan sa pribadong ar-arian d. karapatan sa buhay

3. Hindi maaalis sa tao ang karapatang ito dahil kailangan ng tao ang sariling gamit o pag-aari.
   a. Karapatang sumamba c. karapatan sa buhay
   b. Karapatan sa pribadong ar-arian d. karapatanng magtrabaho

4. May karapatan ang tao na bumuo ng pamilya sa pamamagitan ng pag-iisang dibdib.
   a. Karapatang magpakasal c. karapatang magtrabaho
   b. Karapatang pumunta sa ibang lugar d. karapatan sa buhay

5. Kasama sa karapatang ito ang karapatang lumipat o tumira sa ibang lugar upang makapagtrabaho o lumayo sa panganib.
   a. Karapatan sa pagpili ng propesyon c. karapatang pumunta sa ibang lugar
   b. Karapatan sa buhay d. karapatang magpakasal

6. May karapatan ang bawat tao na piliin ang relihiyon na makatutulong sa kaniya upang mapaunlad ang kanyang pagkatao at ugnayan sa Diyos.
   a. Karapatang sumamba c. karapatan sa pagpapahayag ng batas
   b. Karapatang magpakasal d. karapatan sa patas na pagtingin

7. Ito ang obligasyong *moral* ng tao na gawin o hindi gawin ang isang Gawain.
   a. Karapatan b. Batas c. Tungkulin d. Relihiyon

8. Ayon sa kanya, "Moral na Gawain ang pagtupad ng tungkulin dahil ang moral ang siyang nagpapanatili n gating buhay-pamayanan."
   a. Max Scheler b. Dr. Manuel Dy Jr. c. Sto. Thomas de Aquino d. Eleanor Roosevelt

9. Nabatid niya na kailangang hubugin ang sarili tungo sa pagpapakatao upang matupad din ng pamayanan, pamahalaan, o lipunang kinabibilangan niya ang tungkulin ng paglinang ng pagpapakatao.
   a. Sto. Thomas de Aquino b. Max Scheler c. Elanor Roosevelt d. Dr. Manuel Dy Jr.

10. Ang artikulo na nagsasabing tungkulin na pakitunguhan ang lahat ng tao sa paraang makatao.
    a. Artikulo 1 b. Artikulo 2 c. Artikulo 3 d. Artikulo 4

11. Ang mga sumusunod ay paglalarawan ng karapatan maliban sa:

a. Ang karapatan ay likas na ipinagkaloob sa tao upang marating niya ang kaganapan ng kanyang pagkatao.
b. Ang karapatan ay pagsasaalang-alang sa sariling dangal, ng pangkat pamayanan at sangkatauhan.
c. Ang karapatan ay may pangunahing tunguhin para sa pagtingin sa sarili at pangangalaga ng sariling dangal.
d. Ang numang trabaho ay may ambag at sa minimithing pag-unlad ng lipunan.

12. Alin sa mga sumusunod ang hindi konsepto ng pangunahing karapatang pantao?
    a. Ang mga karapatang ito ay ginagamit ng tao upang mapaunlad at mapaayos ang lipunan at bansa.
    b. Ang mga karapatang ito ay dapat matamasa at makamtan ng isang tao saanman at anuman ang uri ng lipunang kanyang kinabibilangan.
    c. Lahat ng mga karapatang ito ay nagbibigay-tugon upang upang mapangalagaan ang dignidad ng tao.
    d. Ang pagkakaisa ng mga tao sa mga gawaing makatao.

13. Ayon sa kanya, "Lahat ng tao ay may kakayahang mag-isip. Lahat ng tao ay may kakayahang makaunawa sa kabutihan."
    a. Sto. Thomas de Aquino b. Max Scheler c. Elanor Roosevelt d. Dr. Manuel Dy Jr.

14. Ang nagsabi na "Ang pag-alam sa kabutihan ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam."
    a. Pope XIII b. Mga Doctor c. Dr.Manuel Dy Jr. d. Max Scheler

15. Ito ang ginagamit upang kilatisin kung ano talaga ang mabuti.
    a. Isip b. puso c. isip at puso d. moral

16. Ang siyang kilos ng pagsisikap na lagging kumilos tungo sa pagbubuo at pagpapaunlad ng sarili at ng mga ugnayan.
    a. Mabuti b. Makatao c. Moral d. Tama

17. Ang pagpili ng pinakamabuti batay sa panahon, kasaysayan, lawak, at sitwasyon.
    a. Mabuti b. Makatao c. Moral d. Tama

18. Ito ang kaisa-isang batas na tumutukoy sa Likas na Batas Moral.
    a. Maging mapagbigay b. Maging Makatao c. Maging Tama d. Maging totoo

19. Ang bumubuo ng Karapatan ng Tao o *Universal Declaration of Human Rights* upang maipahayag an gating mga Karapatan at Tungkulin sa bawat isa.
    a. ASEAN b. United Nations c. DOH d. DepEd

20. Sila rin ang nagsisikap iangkop sa kani-kanilang mga kultura ang pagkilala sa karapatang pantao.
    a. Estado b. Bansa ` c. Politika d. Batas

21. Ito ang tunay na dahilan ng Likas na Batas Moral kaya binigyan ng linaw kung bakit ito ipinapatupad sa lahat.
    a. Gabay lamang ito upang makita ang halaga ng tao.
    b. Gabay ito para tayo ay mapasama.
    c. Ginawa ito upang tayo ay maging mapanuri.
    d. Gabay ito upang malinawagan tayo sa ating mga Gawain.

22. Bakit mahalaga ang batas sa lipunan?
    a. Ang isang bansang may pagpapahalaga sa katarungan ay mayroon ding makatarungang mga batas.
    b. Ang batas ay gabay ng tao sa kanyang kilos at Gawain tungo sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

c. Tinutukoy ng batas ang mga gawaing dapat na isakatuparan o sundin ng tao at mga gawaing dapat na iwasan.
d. Ang pananagutan ay nagbibigay ng katiyakan na hindi aabusuhin ang mga tungkulin sa lipunan .

23. Ayon kay Sto.Thomas de Aquino, ang batas ay:
    a. Isang ordinansa ng katwiran na ginawa upang makamit ang kabutihang panlahat.
    b. May batayan at hindi nagawa ito nang walang matibay na kadahilanan.
    c. Nagbabago kasabay sa pagbabago ng galaw ng tao at ng paligid.
    d. Isang bagay lamang ng tao.

24. Ito ay isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa, at pagkamalikhain.
    a. Dignidad b. Nilikha c. Layunin d. Paggawa

25. Ang Layunin ng paggawa na nagsasabi na hindi nabubuhay nang maginhawa ang tao kung hindi siya magtatrabaho.
    a. Upang tulungan ang mga nangangailangan.
    b. Upang maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.
    c. Upang kitain ng tao ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan.
    d. Upang makibahagi sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.

26. "Ang paggawa ay isang obligasyon, isang tungkulin ng isang tao. Kailangan tumugon ng tao sa ninanais ng Diyos na pagtulong at pagyamanin o paunlarin ang sangkatauhan." Ano ang layunin na tinutukoy nito?
    a. Upang kitain ng tao ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan.
    b. Upang makibahagi sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.
    c. Upang tulungan ang mga nangangailangan.
    d. Upang maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.

27. Ito ang layunin ng tao na nagsasabing ang buhay na walang patutunguhan ay walang katuturan at ang paggawa ang nagbibigay ng katuturan dito.
    a. Upang higit na magkaroon ng kabuluhan ang pag-iral ng tao.
    b. Upang tulungan ang mga nangangailangan.
    c. Upang maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.
    d. Upang makibahagi sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.

28. Ang pagkaloob ng Diyos sa atin ng talento upang gamitin ito sa pag-unlad at pamayanan. Nakita ito sa patuloy na pag-angat ng lipunan sa makabagong panahon.
    a. Upang tulungan ang mga nangangailangan.
    b. Upang maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.
    c. Upang kitain ng tao ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan.
    d. Upang makibahagi sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.

29. Ang layunin na ito ay nagsasabing dapat maiangat ang nakasanayang tradisyong kinabibilangan at pagtalikod sa paggawa ng mali o masasamang gawi.
    a. Upang kitain ng tao ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang mga pangunahing pangangailangan.
    b. Upang makibahagi sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng agham at teknolohiya.
    c. Upang maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.
    d. Upang tulungan ang mga nangangailangan.

30. Siya ang napapapurihan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *lahat* ng iyong panahon at pagod sa paggawa na hindi dapat nawawaglit sa tao.
    a. Diyos b. Magulang c. Kaibigan d. Guro

31. Ito ay ang kalipunan ng mga Gawain, *resources*, instrument, at teknolohiya na ginagamit ng tao upang makalikha ng mga produkto.
    a. Subheto b. paggawa c. Obheto d. Teknolohiya

32. Alin sa mga sumusunod ang *hindi* kabilang sa paggawa na daan tungo sa tunay na pag-unlad ng teknolohiya:
    a. Ang paggawa ay higit pa sa pagkita lamang ng salapi.
    b. Pagbuo ng tao ng kanyang pagkakakilanlan at kakayahan.
    c. Pagkamit ng kaganapang pansarili.
    d. Pagtulong sa kapuwa upang makamit ang kaniyang kaganapan.

33. Ito ang dahilan kung bakit nabubuhay ang tao.
    a. Upang umasa b. upang gumawa c. upang kumain d. upang matulog

34. Ang sumusunod ay paglalarawan ng moral na kahalagahan ng paggawa maliban sa:
    a. Ang paggawa ay isang banal na pagtingin sa pananagutan ng tao na mapabuti ang kanyang sarili.
    b. Nilikha ang tao upang maging kabahagi ng Diyos sa Kanyang Gawain sa pamamagitan ng paggawa.
    c. Ang anumang trabaho ay may ambag at sa minimithing pag-unlad ng lipunan.
    d. Magkaroon ng kapayapaan.

35. Ang de-kalidad na serbisyo at produkto mula sa iyong paggawa ay malaking ambag sa pag-angat ng ating…
    a. Teknolohiya at siyensiya, edukasyon
    b. Ekonomiya, teknolohiya, kultura
    c. Paggawa, pag-unlad
    d. lahat ng nabanggit

36. Alin ang *hindi* kahulugan ng pakikilahok?
    a. Isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat.
    b. Isang malayang pagpili. Hindi maaring pilitin o puwersahin ang tao upang isagawa ito.
    c. Maaring tawaging bayanihan, damayan, o kawanggawa
    d. Tumutulong sa tao upang maging mapanagutansa kapuwa.

37. Alin ang taglay ng tao kaya siya karapat-dapat sa pagpapahalaga at paggalang ng kaniyang kapuwa?
    a. Pananagutan b. pakikilahok c. dignidad d. bolunterismo

38. Bakit mahalaga na may kamalayan at pananagutan sa pakikilahok?
    a. Upang maipakita ang diwa ng pagkakaisa at pagmamahalanan.
    b. Upang maibahagi ang sariling kakayahan na makatutulong sa pagkamit ng kabutihang panlahat.
    c. Upang magampanan ang mga gawain o isang proyekto na mayroong pagtutulungan.
    d. Upang matugunan ang pangangailangan ng lipunan.

39. Ano ang dapat kilalanin ng tao upang makagawa ng pakikilahok?
    a. Karapatan b. dignidad c. tungkulin d. pananagutan

40. Alin ang hindi maituturing na benepisyo ng bolunterismo?
    a. Nagkakaroon ang tao ng personal na pag-unlad.
    b. Mas higit niyang nakikilala ang kaniyang sarili.
    c. Nagkakaroon siya ng kontribusyon o bahagi sa pagpapabuti ng lipunan.
    d. Nagkakaroon siya ng pagkakataon na makabuo ng kompetisyon sa iba.

41. Ito ay isang tungkulin na kailangang isakatuparan ng lahat na mayroong kamalayan at pananagutan tungo sa kabutihang panlahat.
    a. Pakikitungo b. Pakikiisa c. pakikilahok d. pananagutan

42. Alin ang **hindi** halimbawa ng bolunterismo?
    a. Tuwing Sabado at Linggo ay tinuturuan ni Kardo ang mga batang hindi nakapag-aral sa kanilang lugar upang matutong bumasa at sumulat.
    b. Si Jeck-Jeck ay pumupunta sa bahay-ampunan ng mga bata upang alagaan ang mga ito tuwing bakasyon.
    c. Tuwing eleksiyon ay sinisiguro ni Kokey na bumoto at piliing mabuti ang karapat-dapat na mamuno.
    d. Sumali si Darna sa paglilinis ng paligid sa kanilang barangay dahil nais niyang makiisa sa layunin nitong mapanatili ang kalinisan at kalusugan ng kaniyang mga kapit-bahay.

43. Hindi nakalahok si Roco sa Oplan Linis ng kanilang barangay dahil inalagaan niya ang kanyang bunsong kapatid na maysakit ngunit siya ay nagbigay ng gamit sa paglilinis tulad ng walis tingting at sako na paglalagyan ng basura. Ano kayang antas ng pakikilahok ang ipinakita ni Rico?
    a. Impormasyon
    b. Pagsuporta
    c. Sama-samang Pagkilos
    d. Konsultasyon

44. Ano-ano ang dapat Makita sa isang taong nagsasagawa ng pakikilahok at bolunterismo?
    a. Kayamanan, Talento, at Bayanihan
    b. Pagmamahal, Malasakit, at Talento
    c. Talento, Panahon, at Pagkakaisa
    d. Panahon, Talento, at Kayamanan

45. Ano ang makakamit n gating lipunan kung ang bawat isa ay nagsasagawa ng pakikilahok at bolunterismo?
    a. Pagkakaisa
    b. Kabutihang Panlahat
    c. Pag-unlad
    d. Pagtataguyod ng Pananagutan

46. Ang bolunterismo ay gawaing hindi nangangailangan ng kasanayan o komplikadong kakayahan. Ang tanging kailangan nito ay ang sumusunod, bukod sa:
    a. Positibong saloobin
    b. Kagustuhang matuto
    c. madaling maisakatuparan o gawin
    d. kabutihang pamlahat

47. Malikhain ang isang manggagawa kapag:
    a. nagnanais siyang iangat ang kanyang kalagayan sa pamamagitan ng paggawa.
    b. madali siyang matuto, maparaan upang makagawa gamit ang mga bagay sa kanyang paligid.
    c. lagi niyang isinasaisip ang disiplina at pagtitiyaga bilang susi sa tagumpay at mahusay na paggawa.
    d. palagi siyang tinatamad at walang pakialam sa mga gawain.

48. Ano ang pinapakita ng halimbawang ito: "Hindi mo kayang maglinis sapagkat mahina ang iyong katawan. Makapagbibigay ka ng tulong sa pamamagitan ng donasyon, paghahanda ng pagkain para sa mga naglilinis o di kaya'y pagpapalaganap ng impormasyon sa mga tao para makilahok sila."
    a. Pagsuporta
    b. impormasyon
    c. konsultasyon
    d. pagpapasiya

49. Alin ang hindi nagpapakita ng sama-samang pagkilos?
    a. Nagtulungan na maglinis ang bawat miyembro ng barangay sa kanilang nasasakupan.
    b. Nagbigay ng gagawin ang Brgy. Captain, sa halip na tumulong kanya-kanyang gumawa ang kanyang nasasakupan.
    c. Mga tao na ginagawa lamang ito bilang pampalipas ng oras.
    d. Mga tao na tumutulong dahil may hinihintay na kapalit.

50. Ito ang ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa sa atin. Ito ay magagamit natin upang maibahagi at maipakita sa iba tulad ng pagkanta, pagsayaw o pagtula.
    a. Panahon
    b. Kayamanan
    c. Talento
    d. Kabutihan

Inihanda ni:

**RACHELLE J. ESTANISLAO**

Guro sa ESP 9

Binigyang Pansin:

**MERCY A. MIRANDA**
Tagapangulo, ESP

Sinang-ayunan:

**NENITA N. DE LEON**
Punong Guro II

***NOTES:***
*This free file was submitted to the DepEd Club Team - depedclub.com for compilation.*
*Full credits and recognition are respectfully given to the original file owner and contributor.*
*The DepEd Club Team does not claim ownership of these materials and acknowledges the rightful creators.*
*For updated on newest Free Files, Follow us on our Official Facebook Page.*

Key to Correction
Ikalawang Markahang Pagsusulit sa Edukasyon sa Pagpapakatao 9

1. B
2. D
3. B
4. A
5. C
6. A
7. C
8. B
9. D
10. A
11. D
12. D
13. A
14. D
15. C
16. C
17. D
18. C
19. B
20. A
21. D
22. B
23. A
24. D
25. C
26. C
27. A
28. D
29. C
30. A
31. B
32. D
33. B
34. D
35. D
36. C
37. C
38. B
39. C
40. D
41. C
42. C
43. B
44. D
45. B
46. C
47. B
48. A
49. B
50. C

***NOTE:***
*This free file was submitted to the DepEd Club Team - depedclub.com for compilation.*
*Full credits and recognition are respectfully given to the original file owner and contributor.*
*The DepEd Club Team does not claim ownership of these materials and acknowledges the rightful creators.*
*For updated on newest Free Files, Follow us on our Official Facebook Page.*